

World Health Organization

# Mpox FAQs

Extra ingat tayo para **iwas Mpox**!
Sundin ang preventive measures para sa sarili, pamilya, at komunidad.

## Ano ang Mpox?

Ito ay isang sakit na dulot ng *Mpox virus* na may mga sintomas na kahalintulad sa smallpox. Kadalasan ay hindi ito nakakamatay ngunit nakakahawa.

## Ano ang mga sintomas ng Mpox?

Ang mga sumusunod ay mga karaniwang sintomas ng sakit na ito:

- Lagnat
- Pagsakit ng ulo
- Pananakit ng katawan
- Kulani
- Chills o Panginginig
- Matinding pagkapagod
- Pananakit ng lalamunan, ubo, baradong ilong
- **Pagpapantal na mukhang pimples o malilit na paltos (blisters) sa**
  - Mukha
  - Loob ng bibig
  - Kamay
  - Paa
  - Dibdib
  - Ari
  - Puwet

## Ilang araw ang pagkakaroon at paggaling sa sakit na ito?

| Incubation period (Bilang ng araw mula pagkahawa hanggang unang sintomas) | Tagal ng sintomas (Tipikal na tagal ng sakit hanggang sa gumaling ito) |
|---|---|
| **5 araw - 3 linggo** | **2 - 4 linggo** |

## Paano kumakalat ang Mpox?

Naipapasa ang sakit na ito sa pamamagitan ng:

- Skin-to-Skin Contact sa pantal, butlig, paltos, at likido mula sa katawan ng may Mpox
- Mga likido mula sa katawan ng maysakit tulad ng laway, sipon, plema.
- Contact sa mga tela or surface na kontaminado ng mga likidong ito.
- Mula sa inang may Mpox sa kanyang sanggol sa sinapupunan

## Ano ang mga aktibidad na nagpapataas ng exposure sa sakit na ito?

Ang exposure sa Mpox virus ay tumataas sa mga aktibidad na may mataas na skin-to-skin exposure tulad ng:



Pakikipagsiksikan



Matagalang pakikisalamuha sa iba



Pakikipagtalik (oral, vaginal, anal)



Pagmamasahe ng katawan



Pakikipaghalikan



Pakikipagyakapan

## May gamot ba o bakuna laban sa Mpox?

Sa ngayon ay wala pang tiyak na gamutan laban sa Mpox. Nagbibigay tayo ng alaga at gamutan base sa mga sintomas ng pasyente (hal: paracetamol para sa lagnat at hapdi dulot ng pantal)

## Ano ang dapat kong gawin para maiwasan ang Mpox?

Protektahan ang sarili gamit ang minimum public health standards



Kung maaari ay magsuot ng long-sleeves at pantalon upang matakpan ang balat



Magsuot ng facemask



I-sanitize ang mga kamay



Iwasan ang pakikipagsiksikan

## Isa bang Sexually Transmitted Disease ang Mpox?

Ang Mpox ay hindi pa itinuturing na isang Sexually Transmitted Infection (STI) ngunit kadalasan ay naipapasa ito dahil sa skin-to-skin contact habang nakikipagtalik o sa mga iba pang intimate na aktibidad.

## Ako ay sexually active o may planong makipagsex? Paano ko maiiwasan ang Mpox?

**Maging maingat sa pakikipagtalik**

- Kilalanin nang mabuti ang kapartner at alamin kung may kakaibang mga pantal, butlig, at paltos
- Limitahan muna ang bilang ng sexual partners. Tumataas ang risk of exposure sa monkeypox sa mga taong may iba't-ibang sexual partners
- Kahit na ang monogamous relationships (iisa ang partner) ay kailangang mag-ingat at alamin ang exposure ng isa't-isa

**Practice safer sex**

- Go virtual! Gumamit ng video call kasama ang partner na pinagkakatiwalaan mo!
- No touch! Maaaring magself-pleasure muna nang magkahiwalay ang magpartner!

## May mga sintomas ako ng Mpox. Ano ang dapat kong gawin?

- ✓ Mag-isolate at iwasan ang physical contact sa ibang tao
- ✓ Wag hawakan o kamutin ang mga pantal, butlig, at paltos
- ✓ Madalas na i-sanitize ang mga kamay
- ✓ Magsuot ng long sleeves, pantalon, at face mask
- ✓ Komunsulta agad sa iyong pinakamalapit na health facility at ipagbigay alam ang iyong history at sintomas

Sources: US Center for Disease Control and Prevention, World Health Organization